# ***Crisis Center*** *- kailangan ang aming tulong?*

TAGALOG

**Hindi ligtas sa sariling bahay?**
Sa kamalasan, maraming babae, lalaki at bata ang nakakaranas ng karahasan at pang-aatake sa kanilang sariling bahay. Sa Norway, tinatawag namin itong karahasan sa may malapit na relasyon. Nangangahulugan ito na may isang tao na malapit sa iyo, halimbawa, asawa, magulang, kapatid o sariling anak na naglalagay sa iyo sa karahasan/pang-aatake.

**May maraming uri ng  kaharasan/pang-aatake:**

- **Pisikal** (panununtok, paninipa, paghila ng buhok, pagsunggab)
- **Sikolohikal** (pagsasabi ng di-kanais-nais na bagay, pagmumura, pagkokontrol, paghiwalay sa iba upang walang makakasama, pananakot)
- **Sekswal** (panggagahasa, pamimilit na makipagtalik)
- **Materyal** (naghahagis ng mga bagay, nambabasag ng mga bagay, naninira ng mga bagay na mahalaga sa iyo)
- **Pinansiyal** (kinukuha ang iyong pera, hindi ibinibigay ang iyong sariling pera, pinipilit kang palalagdain sa isang pampinansiyal na dokumento na hindi mo naiintindihan)
- **Pinipilit na pagpapakasal** (nananakot/namimilit ng sinuman na magpakasal na labag sa kanilang kalooban)
- **Pagputol ng ari** (pagtanggal sa tinggil ng babae)
- **Pagkakalakal ng tao** (pagkakalakal ng mga babae, lalaki, at bata)

**Kailangan mo ba ng makakausap?**
Kumontak sa isang crisis center na malapit sa iyo, sa Norway, ang lahat ng babae, lalaki at bata ay may karapatan na makatanggap ng tulong mula sa isang crisis center kapag sila ay tinatakot o inilalagay sa karahasan.

**Bago pa lang sa Norway?**
Kami, na nagtatrabaho sa mga crisis center, ay nakakatagpo ng maraming tao mula sa iba't ibang bansa at iba't ibang kultura. **Palagi kaming gumagamit ng isang interpreter kapag may pangangailangan para dito.** Ang aming mga empleyado ay propesyonal na sinanay at may natatanging kakayahan sa pagtulong sa mga nalalagay sa karahasan. Ipapaalam nila sa iyo ang iyong mga karapatan, obligasyon at opsiyon sa Norway.

Kami ay nanunumpa ng propesyonal na paglilihim! Ligtas ang iyong kuwento sa amin. Hindi namin ibubunyag ang anumang bagay na sinasabi mo sa amin, maliban kung magkasama natin itong pinagkasunduan at bilang pag-abante at pagtulong sa iyo na makakuha ng tulong na iyong kailangan.

Gayon pa man, obligado kami na ireport sa mga awtoridad ng serbisyo sa kabutihan ng bata kung malaman namin ang tungkol sa mga bata na may di-katanggap-tanggap na mga sitwasyon sa bahay, upang matanggap ng mga bata at mga pamiilya ang tulong na kailangan nila upang magkamit ng mabuting buhay.

**Makakatulong kami sa iyo sa sumusunod:**
Makapagbibigay kami sa iyo at sa iyong anak ng ligtas na lugar na titirhan sa loob ng isang yugto ng panahon o maaaring piliin mong manirahan sa bahay at pumunta lang sa crisis center upang pag-usapan ang tungkol sa iyong sitwasyon. Sa crisis center, makakatagpo mo ang isang propesyonal na tao na makikinig sa sasabihin mo. Makakatulong kami sa iyo sa pagkontak sa isang doktor, abogado, sa Pulisya, sa NV, sa mga awtoridad ng serbisyo sa pangangalaga sa bata o iba pang mga ahensiya. Susuportahan ka namin at sasamahan ka sa mga miting kung nais mo ito at ang ligtas na sitwasyon ay nagpapa-posible nito. Maaari tayong magpatuloy na may ugnayan pagkatapos mong umalis sa crisis center, kung kailangan mo ito.

Ang aming papel ay magbigay sa iyo ng impormasyon, suporta at gabay na kailangan mo upang makatulong sa iyo sa iyong daan patungo sa bago at mas mabuting bulay na walang karahasan.



TAGALOG